# *Mapalad ang tao na Natatakot sa PANGINOON Yugto 2*
# *Awit 112*

“1Purihin ninyo ang Panginoon. Mapalad ang tao na natatakot sa Panginoon, na naliligayang mainam sa kaniyang mga utos.2 Ang kaniyang binhi ay magiging makapangyarihan sa lupa; ang lahi ng matuwid ay magiging mapalad.3 Kaginhawahan at kayamanan ay nasa kaniyang bahay: at ang kaniyang katuwiran ay nananatili magpakailan man.4 Sa matuwid ay bumabangon ang liwanag sa kadiliman: siya'y mapagbiyaya at puspos ng kahabagan, at matuwid.5 Ang ikabubuti ng taong mapagbiyaya at nagpapahiram, kaniyang aalalayan ang kaniyang usap sa kahatulan.6 Sapagka't siya'y hindi makikilos magpakailan man; ang matuwid ay maaalaalang walang hanggan.7 Siya'y hindi matatakot sa mga masamang balita: ang kaniyang puso ay matatag, na tumitiwala sa Panginoon.8 Ang kaniyang puso ay natatag, siya'y hindi matatakot, hanggang sa kaniyang makita ang nasa niya sa kaniyang mga kaaway.9 Kaniyang pinanabog, kaniyang ibinigay sa mapagkailangan; ang kaniyang katuwiran ay nananatili magpakailan man, ang kaniyang sungay ay matataas na may karangalan.10 Makikita ng masama, at mamamanglaw; siya'y magngangalit ng kaniyang mga ngipin, at matutunaw: ang nasa ng masama ay mapaparam.” (Awit 112:1-10)

Awit 112:1 Purihin ninyo ang Panginoon. Mapalad ang tao na natatakot sa Panginoon, na naliligayang mainam sa kaniyang mga utos. Papuri sa Diyos, sapagkat ang katotohanan ay ipinahayag at tayo’y nabubuhay para sa kaluwalhatian ng Diyos.

Mapalad ang tao na natatakot sa PANGINOON. Ang pagpapala at kaligyahan mula sa Panginoon ay itinalaga sa tao na natatakot as Panginoon. Ang tao na natatakot sa Panginoon, ay may pagsasaalang alang na may Diyos sa itaas niya, na nakatingin as kanya at tumawag sa kanya para sa managot sa paaran ng kanyang pamumuhay at sa paraan na siya ay gumagawa at isinasagawa ang kanyang pakikipag-ugnayan sa mga tao.

Ang tao na natatakot sa Panginoon, ay isinasaalang alang na mayroong Diyos sa itaas niya, na tumawag sa kanya upang managot na maging mabuting katiwala sa mga bagay na ipinagkatiwala sa kanya.

Ang tao na natatakot sa Panginoon, siya ay napakalayo na huwag gumawa ng mali at magkasala sa Diyos.

Ang tao na natatakot sa Diyos, siya ay may kamalayan na lumakad ayon sa Salita ng Diyos at upang tuparin ang Banal na Kasulatan. Nasaan ka sa pagsasalarawang ito ng Salita ng Diyos? Suriin ang iyong sarili sa kaliwanagan ng Banal na Kasulatan na iyong tinatanggap?

Mapalad ang tao na natatakot sa PANGINOON, na naliligayang mainam sa kaniyang mga utos. Ang tao na natatakot sa Diyos, ang kautusan ng Diyos ay kaligayahan at kasiyahan sa kanya. Tinitingnan niya ang kautusan ng Diyos bilang mahalaga at sapilitan para sa kanya upang malaman kung paanong isabuhay ang kanyang buhay sa paraan na kalugod lugod sa Diyos.

Ang tao na natatakot sa Diyos, ay hindi kailangan ng isang tao na magpapaalala sa kanya o hikayatin siya, o pilitin siya na sumunod sa kautusan ng Diyos. Sapagkat ang kautusan ng Diyos ay kasiyahan sa kanya at hindi isang kabigatan. Habang tayo’y nagagalak na matakot sa Diyos, tayo’y nasisiyahan ng lubos sa kautusan ng Diyos at patuloy na sumunod sa mga ito. Ang tao na natatakot sa Diyos ay hindi kailangang sapilitang sumunod at tumalima sa Salita ng Diyos.

Awit 112:2 Ang kaniyang binhi ay magiging makapangyarihan sa lupa; ang lahi ng matuwid ay magiging mapalad. Ang kapangyarihan at kalakasan ay nabibilang sa lahi ng matuwid na natatakot sa Diyos. Siya ay makakatanggap ng tulong, awtoridad at karangalan mula sa Diyos. Ang Panginoon ay patatagin ang lahi ng tao na natatakot sa Kanya, at patatagin siya sa lugar na inilagay siya ng Diyos doon. Ang kanyang binhi, ang kanyang mga inapo, ay pagpapalain at mapapanatili at mananatili sa lahing darating.

Silang mga hindi natatakot as Diyos, silang natatakot sa tao at ginagawa nila ang lahat ng kanilang makakaya para mapaluguran ang mga tao dahil sila’y natatakot sa mga tao. Ngunit ang higit na sila’y natatakot sa tao ang higit na silay’y lumilihis sa Diyos upang paluguran ang mga tao, at ang higit na sila’y nalalantad sa poot ng Diyos at galit ng Diyos. Ngunit sa mga natatakot sa Diyos, gagawin nila ang nais ng Diyos sa kanila na gawin at sa paraaang ito pagpapalain sila ng Diyos at Siya mismo ang haharap sa mga tao na nakapaligid sa kanila.

Habang tayo’y natatakot sa Diyos tayo ay pagpapalain ng Panginoon, at ang ating binhi at ang ating mga anak pagkatapos natin ay pagpapalain din. Si David ay may takot sa Panginoon at may mahabang lahi ng mga hari pagkatpos niya, tumaas sa 17 mga hari, ang pinakamahabang tala-angkanan ng pamilya ng paghahari sa mundo. Hinahangad natin na makita ang ating mga anak, ang ating mga apo at ang kanilang mga anak pagkatapos nila ay pagpalain ng Panginooon. Ang susi para doon ay isabuhay ang ating buhay ng may takot sa Panginoon.

Dapat tayong maging mapagkumbaba at magpasakop sa Salita ng Diyos at sa Kanyang kalooban. Ang ating kababaang loob ay magbibigay ng mabuting hinaharap para sa ating mga anak at mga inapo. Ngunit ang pagmamalaki at pagmamataas ay mag-aalis at makakasira sa ating mga anak at mga inapo.

Awit 112:3 Kaginhawahan at kayamanan ay nasa kaniyang bahay: at ang kaniyang katuwiran ay nananatili magpakailan man. Ang tao na natatakot sa Diyos, sumusunod sa Kanyang mga kautusan at pinagmamasdan ang ididikta sa kanya. Pupusposin ng Diyos ang kanyang puso at sangbahayan ng mabubuting bagay. Hindi siya magiging pulubi sapagkat siya’y nanagana sa materyal na mga bagay. Ang higit na

ninais ng mga tao na paluguran ang mga tao upang sila'y makakuha ng mula sa kanila ng maraming salapi at maraming materyal na mga bagay, ang higit na nakikita natin silang nasa ilalim ng pagkakautang, kahirapan at pangangailangan. Ngayon ay halos hindi mo na makikita ang mga tao na may kaginhawaan at kayamanan. Marami sa mga tao, na kahit na ang bayan ng Diyos, ay nasa pagkakautang at mga pautang at ang dahilan ng iyon ay wala silang takot sa Diyos.

Ang tao na natatakot as Diyos ay mabibigyan ng ibang kaginhawahan kayamanan; siya ay puspusin ng bunga ng Banal na Epiritu. Siya ay puspusin ng kapayapaan, kagalakan, pagibig, pananampalataya, katapatan, kahinahunan, kabutihan, kaamuhan, pagpipigil sa sarili, pagkabukas-palad, pagtitiyaga, at mahabang pagdurusa. "22 Datapuwa't ang bunga ng Espiritu ay pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat,23 Kaamuan, pagpipigil; laban sa mga gayong bagay ay walang kautusan.24 At ipinako sa krus ng mga na kay Cristo Jesus ang laman na kasama ang mga masasamang pita at mga kahalayan nito.25 Kung tayo'y nangabubuhay sa pamamagitan ng Espiritu, ay mangagsilakad naman tayo ayon sa Espiritu." (Galacia 5:22-25) Ito ay mapaparanas sa kanya ng isang buhay sa presensya ng Diyos, na naninirahan kasama ng taong iyon na may takot sa Kanya, tinutulungan siya at sinusuportahan ang kanyang pangangailangan at nakikipaglaban sa kanyang pakikibaka. Habang tayo'y natatakot sa Panginoon, ang Panginoon ang magdadagdag sa atin ng bunga ng Banal na Espiritu. Ang bunga ng Banal na Espiritu ay gagawin ang pag-uugali katulad ng kay Jesus, kayang umibig ng higit pa at kayang batahin ang pwersa na inilagay sa atin. Magagawa nating magbigay ng higit pa at magmahal ng higit pa, kapag mayoon tayong kahinahunan, pagtitiyaga at mahabang pagdurusa.

Ang tao na natatakot as Diyos ay puspos ng Banal na Espiritu, na mayroon sa kanya gaya ng Kanyang sarili. Siya ay nabubuhay para sa Diyos. Siya ay pinagpala ng Diyos at ang mga pagpapala ng Diyos ay dadaloy sa pamamagitan niya sa lahat ng mga tao at sa sanglibutan na nakapaligid sa kanya.

Ang tao na natatakot sa Diyos, kaginhawaan at kayamanan ay mapapasa kanyang sangbahayan. Ang esprituwal na kayamanan ay ilalaan sa kanya gayudin ang Diyos sa kanyang kapital at itataguyod siya sa kanyang buhay. Ang kanyang katuwiran ay mananatili magpakailan man. Siya ay magiging isang mabuting halimbawa sa iba na nabubuhay kasama niya, sa kanyang pamilya, at sa mga taong nakapaligid sa kanya. Sasambitin siya ang kanyang pangalan ay pananatilihin at aalalahanin bilang mga tunay na tagasunod ng Diyos, na lumalakad kasama ng Diyos, nalulugod sa Kanyang mga utos at gumagawa ng Kanyang kalooban.

Ang kaginhawaan at kayamanan, espirituwal at materyal ay magiging kapalaran natin, habang tayo'y nagtitiyaga na magalak sa Diyos at lumakad sa Kanyang mga paraan. Ang ating pag-uugali ay magiging katulad kay Jesus at tayo'y mapuspos ng Banal na Espíritu na gawin ang pinaka gawain ng Diyos.

Awit 112:4 Sa matuwid ay bumabangon ang liwanag sa kadiliman: siya'y mapagbiyaya at puspos ng kahabagan, at matuwid. Mayroong liwanag na sisikat para sa taong may takot sa Diyos. Kaya kahit sa kadiliman mayroong liwanag na ibibgay sa kanya upang pangunahan siya at tulungan siya na makita ang daan na nilalakaran niya. Mayroong pagasa para sa taong ito kahit na siya nasa gitna ng mga pagsubok. Mayroong katiyakan at kasiguraduhan para sa ganyang tao na natatakot sa Diyos. Poprotektahan at ililigtas ng Diyos ang tao na natatakot sa Kanya at nagagalak na lumakad sa Kanyang mga paraan sa kabila ng mga pagsubok.

Awit 112:4 Sa matuwid ay bumabangon ang liwanag sa kadiliman: siya'y mapagbiyaya at puspos ng kahabagan, at matuwid. Ang ganyang tao na natatakot sa Diyos, ang kanyang sarili ay magiging kaliwangan sa iba upang gabayan sila at pangunahan sila sa mga paraan ng Diyos. Ang tao na natatakot sa Diyos ay ipinagkakaloob ang kanyang buhay sa Diyos at para pangalagaan ang mga bagay na nais ng Diyos sa kanya para pangalagaan. Siya ay mapagbiyayang tao, handang ibigay ang kanyang tinanaggap upang tulungan ang iba at palakasin sila sa kanilang buhay at pakikibaka. Ang tao na natatakot sa Diyos ay katulad ni Jesus. Siya ay may pagibig at kahabagan sa nawawalang mga kaluluwa. "Datapuwa't nang makita niya ang mga karamihan, ay nahabag siya sa kanila, sapagka't pawang nangahahapis at nangangalat, na gaya ng mga tupa na walang pastor." (Mateo 9:36) "At siya'y lumabas, at nakita ang isang malaking karamihan, at nahabag siya sa kanila, at pinagaling niya ang sa kanila'y mga may sakit." (Mateo 14:14) Ngunit maging maingat tayo na huwag sumabay sa ating damdamin. Si Jesus ay hindi kumilos sa pamamagitan lamang ng damdamin bagkus may magagandang dahilan din. ''At pinalapit ni Jesus sa kaniya ang kaniyang mga alagad, at sinabi, Nahahabag ako sa karamihan, sapagka't tatlong araw nang sila'y nagsisipanatili sa akin at wala silang makain: at di ko ibig na sila'y paalising nangagaayuno, baka sila'y manganglupaypay sa daan.'' (Mateo 15 :32) Dito si Jesus ay may kahabagan sa karamihan at ninais na pakainin sila hindi lamang dahil sila'y pumunta sa kanya kundi nakinig sa kanyang pagtuturo.

Siyang natatakot sa Diyos ay matuwid, nalalaman ang mga alintuntunin ng Diyos at ginagawang posible upang maisagawa ang mga ito at gawing totoo ang mga ito sa kanyang buhay at sa buhay ng mga taong nakapaligid sa kanya at sa ilalim ng kanyang pangangalaga. Habang tayo ay nalulugod sa ating sarili na matakot sa Diyos, sa gayon tayo ay magiging kaliwanagan sa kadiliman upang tulungan ang iba na makita ang kanilang mga paraan at upang gabayan sila sa tamang daan.

Awit 112 :5 Ang ikabubuti ng taong mapagbiyaya at nagpapahiram, kaniyang aalalayan ang kaniyang usap sa kahatulan. Ang tao na natatakot sa Diyos siya ay mabuting tao, puno ng kabutihan ar mabuting gawa patungo sa mga nasa paligid niya. Siya ay nagbibigay ng tulong sa mga nangangailangan at nagpapahiram sa kanila para tulungan sila at iligtas sila mula sa kanilang mga kaguluhan. Ang tao na natatakot sa Diyos ay tumutulong sa mga tao at nagpapahiram sa kanila sa kanilang mga kaguluhan upang sila'y hindi mangailangan at ilagay ang kanilang mga sarili sa ilalim ng pamatok ng panghihiram ng may tubo. Nais ng Diyos sa atin na magpahiram sa mga tao hindi lamang upang tulungan sila sa kanilang pangangailangan, kundi upang protektahan sila mula sa mga umaalipin sa kanila sa pamamagitan ng pagpapahiram ng may tubo. Gaya na siya ay mapagbiyaya at mahabagin at maalalahanin at may mabuting gawa patungo sa mga nangangailangan, ibabalik ng Diyos sa kanya ng may karunungan at pagpapasya na kaya niyang pangunahan ang kanyang buhay at mga

usapin sa mga napapabilang sa kanya ng may pagpapasya at malalim na kaunawaan. Ang higit na tayo'y natatakot sa Diyos at ginagawa ang Kanyang kalooban, ang higit na ibubuhos ng Diyos ang Kanyang Banal na Espiritu na magbibigay sa atin ng karunungan at pagkakilala kung paano pamahalaan ang mga usapin sa ating buhay.

Awit 112:6 Sapagka't siya'y hindi makikilos magpakailan man; ang matuwid ay maaalaalang walang hanggan. Ang tao na natatakot sa Diyos, itataguyod siya ng Diyos at pananatilihin siya sa lugar na iniligay Niya sa kanya. Maaring siya ay mabagabag at atakihin ng gumagawa ng masama ngunit tutulungan siya ng Diyos sa kabila ng lahat ng tindi na pinagdadaanan niya. Siya ay alalahanin magpakailanman. Ang mga tao ay alalahanin ang mabubuting gawa ng ginawa ng matuwid na tao para sa mga taong nakapaligid sa kanya, gaya ng pagsasabuhay ng kanyang buhay sa pagtalima sa kautusan ng Diyos.

Kapag tayo'y nagagalak na sumunod sa Diyos at gawin ang Kanyang kalooban, tutulungan Niya tayo at pananatihin tayo kahit na tayo ay nilulusob at sa gitna ng kaguluhan at pagsalungat. Gagawin ito ng Diyos para sa ating ikabubuti at tutulungan tayo upang makamit ang pagtawag ng Diyos sa atin upang gawin, ang ating buhay ay alalahanin ng iba ang pagtitiyaga na gawin kung ano ang sinabi ng Diyos sa atin upang kamitin.

Awit 112:7 Siya'y hindi matatakot sa mga masamang balita: ang kaniyang puso ay matatag, na tumitiwala sa Panginoon. Ang tao na natatakot sa Diyos ay hindi natatakot sa masasamang balita sapagkat siya ay may buong pagtitiwala sa Diyos. Ang kanyang puso ay nakatuon sa mga pangako ng Diyos at sa Kanyang Salita, na kung siya ay susunod sa kautusan ng Diyos, tutuparin ng Panginoon ang Kanyang mga pangako sa kanya. Na ang pagtitiwala sa Diyos, ay magagawa niyang harapin ang malaking pakikibaka ng walang pag-alis o paglayo sa lugar at posisyon kung saan inilagay siya ng Diyos. Habang tayo'y natatakot sa Diyos hindi tayo matatakot sa tao; ang ating puso ay matatag, nagtitiwala sa Panginoon na kukunin tayong matagumpay palabas mula sa anumang pakikibaka na tayo'y naroroon.

Awit 112:8 Ang kaniyang puso ay natatag, siya'y hindi matatakot, hanggang sa kaniyang makita ang nasa niya sa kaniyang mga kaaway. Ang tao na natatakot sa Diyos ay hindi natatakot sa tao o sa kanilang mga banta. Ang kanyang puso ay matatag at nasa buong pagtitiwala sa Diyos at sa kung anong idinerekta sa kanya upang gawin. Siya ay hindi mayayanig kapag nilusob siya ng kanyang mga kaaway. Sa halip sigurado siya na haharapin ng Diyos sila. Siya ay hindi nagdududa tungkol sa katapusan, kundi siya ay may buong pagtitiwala sa paghatol ng Diyos sa mga gumagawa ng masama; kung sila'y magsisisi sila'y maliligtas, kung sila'y magpapatuloy sa kanilang kasamaan, sila'y mapapahamak. Kung babaguhin nila ang kanilang mga paraan sila ay pagpapalain, ngunit kung sila ay magpapatuloy sa paggawa ng masama sila ay mawawala sa lupain. Habang tayo'y nabubuhay na may takot sa Diyos at sumunod sa Kanya, ang ating mga puso ay magiging matatag at hindi matitinag sa gagawin ng ating mga kaaway laban sa atin, at tiyak makikita natin kung paano haharapin ng Diyos sila.

Awit 112:9 Kaniyang pinanabog, kaniyang ibinigay sa mapagkailangan; ang kaniyang katuwiran ay nananatili magpakailan man, ang kaniyang sungay ay matataas na may karangalan. Ang natatakot sa Diyos, nalalalaman na ang Diyos ay nalulugod na makita na siya na tumutulong sa iba at sinusuportahan ang dukha at nangangailangan. Kaya't ang matuwid na tao na nagbibigay sa dukha at nagpapahiram sa kanilang mga pangangailangan. Siya ay nagpapatuloy na gawin iyon at nagtitiyaga sa paggawa nito, samakatuwid ang kanyang katuwirin ay mananatili magpakailanman at siya ay dadakilain at itataas ng Panginoon. Habang tayo'y nagtitiyaga na tulungan ang dukha at nangangailangan, ang Panginoon ay dadakilain at pananatilihin ang ating mabuting gawa. Ang Panginoong Diyos ay aalalayan tayo at magpakailanman.

Awit 112:10 Makikita ng masama, at mamamanglaw; siya'y magngangalit ng kaniyang mga ngipin, at matutunaw: ang nasa ng masama ay mapaparam. Sisiguraduhin ng Diyos na masaksihan ng masasama kung paano Niya pinagpapala ang matutuwid na tao. Makikita ng masama kung paano pinagpapala ng Diyos ang matuwid, at sila'y mangagbabagabag at mamanglaw sapagkat masama ang kanilang loob patungo sa matutuwid na tao. Susubukan ng masama na lusubin at ubusin ang matuwid ngunit sila'y malulusaw, at ang kanilang masamang paghahangad sila'y mapapahamak.

Habang ating inilalagay ang ating pagtitiwala sa Diyos at nanatiling matatag sa pagsunod sa Panginoon at matakot sa Kanya, haharapin Niya ng maayos ang ating mga kaaway at bibiguin ang kanilang masamang hangarin at sila'y mapapahiya.

Ang paraang iyon ng pagharap ng Diyos sa masama ay panibagong paraan na gagantimpalaan ng Diyos ang matuwid at tinitiyak sa kanya na ang paraan na kailangan niyang pagdaanan. Mayroong tiyak na panahon na itataas ng Diyos ang matuwid na tao, at sa ibang panahon, itataas ng Diyos ang matuwid sa pamamagitan ng pagpapababa sa kanyang mga kaaway sa kahihiyan. Kaluwalhatian sa Kanya lamang.

Sa aking Mahal at Minamahal:

- Tayo ay lumayo mula sa pagtitiwala sa tao.
- Tayo ay magalak sa Panginoon, at sa KAnyang Salita ilagay natin ang ating pagtitiwala.
- Ating itatag ang ating buhay sa batayan ng ating natanggap at unawain ang tungkol sa taong matuwid na may takot sa Diyos.
- Ating pagnilayan ang mensahe at gumawa ng tunay na desisyon, na baguhin ang ating mga paraan at magsimulang gumawa ng mabuti at magalak na sumunod sa kautusan ng Diyos at gawin ang mga ito mula sa kalaliman ng ating mga puso.

Ang aking Panalangin: Amang Diyos Ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay mula sa kamatayan noong ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Panginoon salamat sa iyong malinaw na Salita ng Diyos sa akin na ipinakita mo ang paraan na mabuhay ng may takot sayo at ang mga pagpapala na aking natatanggap mula sayo.

Pangioon aking ipinapangako ang aking sarili na mabuhay sa pagkatakot sayo at para pasiyahan ang aking sarili na sumunod sa lahat ng iyong kautusan.

Ating ipagtapat ang ating mga kasalanan sa Panginoon at ating talikuran ang mga ito.

Panginoon aking ipinapangako ang aking sarili na pumunta at maglingkod sayo at gawin ang gawain na nauna mong inihanda para sa akin para gawin.
Panginoon aking ipinapangako ang aking sarili na maging maawain at mahabag, upang tulungan ang dukha at maging liwanag sa mga may kailangan ng paggabay papunta sa iyong daan ng buhay.

Panginoon ako'y nagtitiwala na piangmamasadan mong Mabuti ang mga usapin ng aking buhay, at dahil doon ililigtas mo ako mula sa lahat ng aking kabagabagan at ililigtas ako mula sa lahat ng aking mga kaaway.

Panginoon, ang aking puso ay nakatuon sa iyong mga pangako at sa iyong katapatan. Ang masasama ay makikita iyon at mamanglaw; mangangalit ang kanyang mga ngipin, at malulusaw: ang hangarin ng masama ay mapapahamak.

Panginoon puspusin mong muli ako ng iyong Banal na Espiritu, pagkalooban ako ng Espirituwal na mga kaloob na aking kailangan sa aking buhay na magpatuloy at maglingkod sayo.

Panginoon, ako'y nanalangain para sa aking kapatid na Lalaki at Babae na ipinangako ang kanilang mga paraan, na mabuhay na may takot sayo. Panginoon tulungan sila sa kanilang buhay. Panginoon protektahan sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon makipaglaban ka para sa kanila at iligtas sila mula sa lahat ng kanilang mga kaaway. Panginoon hayaan mong ang kanilang buhay ay maging isang patotoo sa iba upang magtiwala sayo at sumunod sa iyo ng buong puso.

Panginoon, ako'y nanalangain para sa simbahan na lumago ng may takot sa iyo. Panginoon pusposin mong muli ang aking mga kapatid na Lalaki at Babae na ipinangako ang kanilang buhay at mga paraan sayo, kasama ng Banal na Espiritu, at pangunahan sila na magebanghelyo at abutin ang bagong mga tao ng Mabuting Balita ni Jesus. Panginoon tulungan kami na magsimula ng bagong pag-aaral ng Bibliya at magtanim ng bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus, at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipisan ng Espiritu Santo ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:

NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1gmail.com